


Mga tao ng Maui, handa ba kayo?

**Baha sa
kalsada?
Bumalik ka,
huwag
magpalunod!**

**Lindol?
Dumapa,
takpan ang
katawan,
kumapit ka!**

**Gumawa ng isang
plano para sa emergency
at ng isang
emergency kit.**

**Huwag kailanman
tatalikod sa dagat.**



Isa itong patnubay pangkaligtasan para sa Maui,
handog sa inyo ng

MauiReady.org



HAWAII STATE
DEPARTMENT
OF HEALTH

Departamento ng Kalusugan ng
Estado ng Hawaii

Alamin kung ano ang Dapat Gawin sa isang Emergency

Gumawa ng plano kasama ang pamilya sakaling may kalamidad ng kalikasan o iba pang emergency.

BAGYO (May ilang araw na babala)

Ang mga bagyo'y maaaring maging sanhi ng baha, malalakas na hangin at ipu-ipo.

- I-tsek ang inyong mga emergency kit
- Manood ng TV at makinig sa radyo para sa balita at alamin ang listahan ng mga maaaring pagsilungan
- Isara ang mga bintana at mga pinto
- Sundin ang mga utos para sa ebakwasyon.

SA PANAHOON NG BAGYO

MAYO HUNYO HULYO AGOSTO SETIYEMBRE OKTUBRE NOBIYEMBRE



LINDOL (Walang babala)

Ang matinding pagyanig ng lupa dahil sa lindol ay maaring magdulot ng malubhang pinsala.

- Lumipat sa isang ligtas na lugar – isang sulok ng kuwarto, sa may pinto, o ilalim ng isang matipunong mesa, takpan ang mukha ng isang unan
- Lumayo sa mga salamin, mga bintana, pinto sa labasan o anumang maaaring malaglag
- Kung malapit sa baybaying dagat, umakyat sa mas mataas na lugar (huwag hintayin ang babala ng tsunami!)
- Maaaring magkaroon ng aftershocks

Lindol? Dumapa, takpan ang mukha at kumapit!



BIGLAANG PAGBAHA

(Laluna sa mga kanal, sibol at lambak)

Bakit mapanganganib ang mga biglaang pagbaha. Maaaring maganap ang mga ito sa loob ng ilang minuto lang ng matinding ulan – mabilis rumagasa at napakalakas ng agos ng mga ito

- Makinig sa radyo para sa mga babala
- Umakyat sa mataas na lugar agad
- Kapag nakarating sa isang lugar ng baha, tumigil. Di mo alam kung gaano kalalim ang tubig o ano ang lagay ng kalsadang nasa ilalim nito
- Huwag maglaro sa mga kanal ng irigasyon o estero

**Nabaha na kalsada?
Bumalik ka para hindi malunod.**

PAGSUGOD NG TUBIG SA BAYBAYIN

(Sa mga lugar sa tabing dagat)

Storm surge ang tawag sa pagsugod ng tubig sa lupa bunga ng malakas na bagyo. Ang lawak ay maaaring 50 hanggang 100 milya at nagiging sanhi ng baha. Ang mga ito ang pinakamalaking peligro sa buhay at mga ari-arian

- Huwag kailanman lalapit sa dagat kapag may malakas na unos o bagyo
- Lisanin ang mga mababang lugar kapag ito ang iniutos ng mga lokal na autoridad

TSUNAMI

(Ilang minuto o oras na babala)

May dalawang uri ng tsunami -- Yaong galing sa buong Pasipiko o lokal lang

- Alamin ang mga senyas ng babala
- Agad pumunta sa mataas na lugar
- Makinig sa radio kapag may narinig na babala ng siren
- Lahat ng baybaying dagat ay peligroso! (gayundin ang mga ilog at piyer)

Maging handang Iligtas ang iyong Pamilya

Maghanap ng mga bagay at rekurso mula sa MauiReady.org

PAGKAWALA NG KURYENTE

Kapag walang kuryente, maaaring mawalan din ng tubig. Ang pagkain sa refrigerator at mga gamot ay kailangang mapanatiling malamig. Maaring di rin umubra ang mga palikuran. Maghanda para sa pagkawala ng kuryente.

- Magkaroon ng radyo na de baterya o handcrank upang makapakinig ng balita
- Panatilihing nakasara ang refrigerator at freezer hanggat maaari
- Magkaroon ng cooler na may yelo sakaling tumagal ang kawalan ng kuryente
- Tanggalin ang plug ng lahat, maliban lang sa isang ilaw para malaman kung may kuryente na
- Magkaroon ng flashlight at ekstra na baterya – ang kandila ay maaaring maging sanhi ng sunog
- Magkaroon ng back-up na charger ng telepono
- Kung kailangan ng iyong kagamitang medikal ang kuryente, dapat magplano kung paano gamitin ito sakalang mawalan ng kuryente

AMAG

Dahil sa klimang tropikal, karaniwan na ang amag o pagkabulok. Ang amag ay maaaring maging peligroso sa kalusugan at makakasira rin ng bahay.

- Kapag binaha ang bahay, tumawag agad ng ayuda para maiwasan ang amag
- Kapag nakakita ng amag sa mga tubo, at dinding, tumawag agad ng propesyonal na makakatulong pag-alis ng mga ito
- Ang asthma at allergy ay maaaring lumala dahil sa amag

MGA ALAGANG HAYOP

Kapag nalaman ang mga senyas ng napipintong kalamidad:



- Makinig sa radyo upang malaman kung alin sa mga bahay silungan ang tumatanggap ng mga alagang hayop
- Maglaan ng pagkain, medisina, identipikasyon, pambuhat at iba pang suplay na kakailanganin ng iyong alaga
- Huwag iiwanan ang mga alaga. Maaaring sila ay mabitag o makatakas

KALIGTASAN SA DAGAT

- Huwag maglangoy nang nag-iisa
- Sumisid sa ilalim ng malalaking alon
- Maglangoy lamang sa mga karagatan na may mga lifeguard o tagapagligtas
- Huwag lumangoy sa marumi o di malinaw na mga tubig sa madaling araw o takipsilim (maaring may mga pating dito)
- Huwag tumalon at sumisid sa mga talon, o tapyas at huwag umakyat sa mga malalaking batong madudulas.
- Huwag komontra sa agos na malakas, maging mahinahon, magsenyas para matulungan, umayon sa agos, tapos saka lumangoy paayon hanggang makarating sa dalampasigan

Matuto nang mas marami pa sa


MauiReady.org

SAKIT AT PESTE

Malaki ang panganib na maaaring idulot ng isang emergency sa kalusugang pampubliko tulad ng pagkalat ng sakit na dengue, matinding trangkaso, Ebola o iba pang uri ng mapinsalang karamdaman.

- Makinig sa lokal na balita upang malaman ang mga dapat pag-ingatan tungkol sa kalusugang pampubliko
- Laging maghugas ng mga kamay upang maiwasan ang pagkalat ng sakit
- Maging alerto sa mga mapinsalang insekto tulad ng pulang langgam. Ireport sa hotline ng mga peste kapag nakakita ng mga ito. 808-643-PEST (808)-643-7378
- Manatili sa bahay kapag ikaw ay may sakit (at sabihan din ang ibang maysakit na ganito ang gawin)

Kailanman, huwag tatalikod sa dagat!



SA ISANG EMERGENCY, IDAYAL ANG 911

Sa mga di emergency maaaring gamitin ang mga sumusunod na numero:

NOAA Nakarekord na tala
ng panahon at impormasyon
tungkol sa dagat
(808) 944-3756

County ng Maui
Depensang Sibil
(808) 270-7285

American Red Cross
I-report ang isang
kalamidad
(808) 357-3387

Pulis at Ahensiya sa Sunog
Hindi emergency
(808) 244-6400

Departamento sa
Kalusugan
(Tagakontrol ng nakahahawang sakit)
(808) 984-8213

Tagakontrol ng
pagkalason
(800) 222-1222

Isulat ang mahalagang numero ng telepono para sa iyo dito:

May narinig ka bang siren? Makinig sa radio!

Ang tunog ng siren ay malakas at mahaba. Mahalagang makinig sa lokal na radio (sa Maui) at lokal na balita (hindi sa Oahu. Ang emergency ay maaaring iba iba sa mga isla. Ang mga opisyal na anunsiyo ay ispesipiko sa mga isla

MGA ISTASYON SA FM RADIO

| | |
|------------------------------|---------------|
| KDLX-FM 94.3 | KMVI-FM 98.3 |
| KAOI-FM 95.1 | KNUI-FM 99.9 |
| KAOI-FM 96.7 (Upcountry) | KNUQ-FM 103.7 |
| KPOA-FM 93.5 (Laud ti Maui) | KONI-FM 104.7 |
| KLHI-FM 101.1 (Laud ti Maui) | KPMW-FM 105.5 |

MGA ISTASYON SA AMI RADIO

KMVI-AM 550
KNUI-AM 900
KAOI-AM 1110

Mga Silungan (Alamin kung saan pupunta)

- Bisitahin ang MauiReady.org upang alamin kung alin sa mga silungan ang pinakamalapit sa inyo
- Makinig sa radyo para sa opisyal na anunsiyo tungkol sa kung alin sa mga lugar silungan ang tumatanggap ng mga alagang hayop
- Magdala ng sariling emergency kit at mga suplay

Ang kaligtasan mo
ay nagsisimula sa
iyo!



Matuto ng mas marami pa sa

MauiReady.org